



Titulo:	Pinansyal na Tulong				
Kapitulo:	Pangangasiwa				
Numero ng Patakaran:	RH-AD-130L				
Sangay:	Rehabilitasyon sa Inpatient				
(Mga) Taga-apruba:					
Petsa ng Pinagmulan:	4/11/19	Petsa ng Pagbabago:		Petsa ng Pagrepaso:	

SAKLAW

Upang pangasiwaan ang mga pinagkukunan nito nang responsable at upang sumunod sa naaangkop na pederal at pang-estadong mga batas, ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ay nagtatag ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito para sa pagbibigay ng Pinansyal na Tulong, kabilang ang pangangalaga sa kawanggawa at mga diskwento para sa karapat-dapat na mga pasyente.

Ang Patakarang ito ay nagbibigay ng:

Pare-parehong proseso sa aplikasyon sa buong Dignity Health Continuum Compliance sa Kodigo ng Internas Rentas seksyon 501r para sa katayuan na hindi saklaw sa buwis

Ang dokumentong ito ay naaangkop sa Dignity Health Rehabilitation Hospital sa loob ng Select Medical Inpatient Rehabilitation Division

MGA PAKAHULUGAN

Halagang Karaniwang Isinisingil

Ang pinakamataas na singil na maaaring singilin sa isang pasyente na karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito na kilala bilang Halagang Karaniwang Isinisingil (AGB, Amount Generally Billed). Walang pasyente na karapat-dapat para sa Pinansyal na tulong ang sisingilin ng higit sa AGB para sa Karapat-dapat na (mga) Serbisyo (ayon sa itinukoy sa ibaba) na ibinigay sa pasyente. Kinakalkula ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang batayan ng AGB gamit ang pamamaraang “pagbabalik-tanaw” sa pamamagitan ng pagpapadami ng “Kabuuang mga Singil” (ayon sa itinukoy sa ibaba) para sa anumang Karapat-dapat na mga Serbisyo na ibinigay nito ayon sa mga porsyento ng AGB na batay sa pinakahuling mga paghahabol na pinahihintulutan sa ilalim ng Medicare at pribadong seguro ayon sa itinakda ng pederal na batas.

Ang mga pasyente ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ay maaaring humingi ng karagdagang impormasyon tungkol sa porsyento sa AGB ng Dignity Health Rehabilitation Hospital at paano kinakalkula ang mga porsyento sa AGB mula sa Pangangasiwa at sa: <https://www.DignityHealthRehab.com>.

Aplikante

Ang Aplikante ay isang indibiduwal na pasyente o tagagarantiya ng pasyente, kung naaangkop, na naga-apply para sa Pinansyal na Tulong. Ang miyembro ng sambahayan, malapit na kaibigan o kasama ng pasyente ay maaaring humiling na isaalang-alang ang pasyente para sa Pinansyal na Tulong. Ang isang pagsangguni ay maaari ring simulan ng sinumang miyembro ng kawani ng medikal o pasilidad, kabilang ang mga doktor, nars, pinansyal na tagapayo, manggagawang panlipunan, tagapangasiwa ng kaso, taga-ayos ng pagpapasok, bendedor, o ibang may alam sa potensyal na pangangailangan para sa Pinansyal na Tulong.

Panahon ng Aplikasyon

Ang mas huli sa (i) 360 araw mula sa paglabas ng pasyente sa ospital o ang petsa ng Karapat-dapat na Serbisyo ng pasyente, o (ii) 240 araw mula sa petsa ng unang singil para sa Karapat-dapat na Serbisyo matapos ang paglabas.

Pangangalagang Kawanggawa

Ang Pangangalagang Kawanggawa ay ganap na Pinansyal na tulong sa kwalipikadong mga pasyente na nagpapagaan sa pasyente at kaniyang guarantor ng kanilang buong pinansyal na obligasyon na magbayad ng Karapat-dapat na mga Serbisyo. Hindi binabawasan ng Pangangalagang Kawanggawa ang halaga, kung mayroon, ng anumang ikatlong partido na maaaring kinakailangang magbayad para sa Karapat-dapat ng mga Serbisyo na ibinigay sa pasyente.

Pangangalagang May Diskwento

Ang Pangangalagang May Diskwento ay bahagyang Pinansyal na Tulong sa kwalipikadong mga pasyento na nagpapagaan sa pasyente at sa kanyang tagagarantiya ng bahagi ng kanilang pinansyal na obligasyon na magbayad para sa Karapat-dapat na mga Serbisyo (ayon sa itinukoy sa ibaba). Hindi binabawasan ng Pangangalagang May Diskwento ang halaga, kung mayroon, na kinakailangang bayaran ng ikatlong partido para sa Karapat-dapat na mga Serbisyo na ibinigay sa pasyente.

Karapat-dapat na mga Serbisyo

Kabilang sa karapat-dapat na mga serbisyo ang lahat ng Emerhenisyang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na ibinibigay ng Dignity Health Rehabilitation Hospital. Hindi kasama sa karapat-dapat na mga serbisyo ang mga serbisyo ng doktor, paggamot, o mga pamamaraan maliban kung kabilang sa listahan ng tagapagbigay ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ang kaugnay na doktor o grupo ng doktor at, kung naaangkop, paglalarawan ng mga serbisyo, paggamot, o

pamamaraan na ibinibigay ng naturang doktor o grupo ng doktor na partikular na saklaw ng patakarang ito.

Emerhensiyang Medikal na Pangangalaga

Ang Rehabilitation Hospital ay hindi nagpapanatili o nag-aanunsyo ng organisadong emerhensiyang departamento ngunit magbibigay ng pangangalagang angkop sa saklaw ng mga serbisyo sa mga indibiduwal na nagpapakita ng lumilitaw na mga kondisyon (hal., bisita, atpb.) ayon sa mga regulasyon ng estado/pederal.

Ang Emerhensiyang Medikal na mga Serbisyo (9-1-1) ay tatawagin para sa medikal na mga emerhensiya na nagsasangkot ng mga outpatient/bisita.

Papanatilihin ang impormasyon ukol sa mga outpatient/bisita na tumatanggap ng emerhensiyang mga serbisyo sa Rehabilitation Hospital.

Mahahalagang mga Gastos sa Pamumuhay

Ang Mahahalagang mga Gastos sa Pamumuhay ay mga gastos para sa alinman sa sumusunod: upa o bayad sa bahay at pagpapanatili, mga panustos na pagkain at sa bahay, palingkurang-bayan at telepono, damit, mga bayad sa medikal at dental, paaralan o pangangalaga ng bata, suporta sa bata o asawa, mga gastos sa transportasyon at sasakyan, kabilang ang seguro, petrolyo, at pagkukumpuni, pagbabayad nang hulugan, labada at paglilinis, at ibang pambihirang mga gastos.

Pambihirang mga Pagkilos sa Koleksyon (ECAs, Extraordinary Collection Actions)

Kabilang sa ECAs ang sumusunod:

- (a) Pagbebenta ng utang ng isang indibiduwal sa ibang partido maliban kung hayagang isinaad ng pederal na batas.
- (b) Pag-uulat ng masamang impormasyon tungkol sa indibidwal sa mga kawanihan sa kredito ng mamimili.
- (c) Pag-aantala o pagtangi, o pag-aatas ng bayad bago magbigay ng Medikal na Kinakailangang Pangangalaga dahil sa hindi pagbayad ng isang indibiduwal ng isa o higit pang mga singil para sa nakaraang ibinigay na pangangalaga na saklaw sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na tulong ng pasilidad ng ospital.
- (d) Ang ilang mga pagkilos na nangangailangan ng legal o panghukumang proseso ayon sa itinukoy ng pederal na batas kabilang ang ilang mga karapatan sa pag-aari, pagreremata sa pag-aari, paghugpong / pagsamsam, pagsisimula ng aksyong sibil, na magdudulot sa isang indibiduwal na mapasailalim sa isang kautusan ng paghugpong, at pagkait ng sahod ng isang indibidwal.

Hindi kasama sa ECAs ang anumang karapatan sa pag-aari na may karapatan ang isang ospital na igiit sa ilalim ng batas ng estado sa mga nalikom ng isang paghatol, kasunduan o kompromiso na inutang sa isang indibidwal (o sa kanyang kinatawan) bilang resulta ng mga personal na pinsala kung saan ang isang ospital ay nagbigay ng pangangalaga.

Pederal na Antas ng Kahirapan (FPL, Federal Poverty Level)

Ang FPL ay tinutukoy ng mga gabay sa kahirapan na pana-panahong binabago sa Pederal na Talaan ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbsiyong Pantao ng Estados Unidos sa ilalim ng awtoridad ng sub-seksyon (2) ng Seksyon 9902 ng Titulo 42 ng Kodigo ng Estados Unidos. Ang kasalukuyang mga gabay sa FPL ay masasanguni sa <http://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines>.

Pinansyal na Tulong

Pangangalagang Kawanggawa o Pangangalagang May Diskwento, ayon sa inilarawan sa patakarang ito.

Kabuuang mga Singil

Kabuuang mga Singil (tinutukoy rin bilang “buong mga singil”) ay nangangahulugan na halagang nakalista sa chagemaster ng pasilidad ng Dignity Health Rehabilitation Hospital para sa bawat Karapat-dapat na Serbisyo.

Kita

Binagong Inayos na Kabuuang Kita (MAGI, Modified Adjusted Gross Income), ayon sa itinukoy ng IRS.

Medikal na Kinakailangang Pangangalaga

Mga serbisyo at panustos ng ospital at ibang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan upang masuri o magamot ang karamdaman, pinsala, kondisyon, sakit o mga sintomas nito at natutugunan ang katanggap-tanggap na mga pamantayan sa kasanayan. Hindi kasama sa medikal na kinakailangang pangangalaga ang pangangalaga na kaugnay sa mga pamamaraang kosmetiko na nilalayon lamang na mapabuti ang interes sa kagandahan ng karaniwang gumaganang bahagi ng katawan.

Pamilya ng Pasyente

Kasama sa Pamilya ng Pasyente ang pasyente at:

- (a) Para sa mga taong 18 taong gulang at mas matanda, asawa, domestikong kapareha, at dependeng mga bata na wala pang 21 taong gulang, nakatira man kasama sa bahay o hindi.
- (b) Para sa mga taong wala pang 18 taong gulang, isang magulang, mga nag-aalagang kamag-anak, at ibang mga bata na wala pang 21 taong gulang ng magulang o nag-aalagang kamag-anak.

Kita ng Pamilya ng Pasyente

Ang taunang Kita na kinikita ng Pamilya ng Pasyente sa 12 buwan bago ang petsa kung kailan ibinigay ang serbisyo ng Dignity Health Rehabilitation Hospital.

Pasyenteng May Mataas na Medikal na mga Gastos

Ang pasyenteng may saklaw sa kalusugan, at tumutugon sa isa sa sumusunod na

dalawang pamantayan:

- (a) Taunang mga gastos mula sa bulsa na natamo ng indibiduwal sa ospital ay lumalampas sa 10% ng Kita ng Pamilya ng Pasyente (itinukoy sa ibaba) sa nakaraang 12 buwan; o
- (b) Taunang medikal na gastos mula sa bulsa na lumalampas sa 10% ng Kita ng Pamilya ng Pasyente, kung ang pasyente ay magbibigay ng dokumentasyon ng medikal na mga gastos ng pasyente na binayaran ng pasyente o ng Pamilya ang Pasyente sa nakaraang 12 buwan.

Pagpapasiya ng Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat

Ang Pagpapasiya ng Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat ay proseso sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat ng pasyente para sa Pinansyal na tulong batay sa impormasyon maliban sa ibinigay ng pasyente, tulad ng kwalipikasyon sa ibang mga programang batay sa kagalingan, katayuan sa kawalan ng tirahan, o batay sa nakaraang pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong. (Tandaan na ang mga sanggunian sa “Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat” sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito ay tumutukoy sa Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong at hindi tumutukoy sa Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat sa Ospital sa Medicaid maliban kung tinukoy.) Ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ay maaaring gumamit ng proseso ng Pagpapasiya ng Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat upang magbigay ng Pangangalagang Kawanggawa o Pangangalagang May Diskwento na may kinalaman sa anumang kategorya ng Pinansyal na Tulong. Sa paggawa ng Pagpapasiya ng Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat, ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ay maaaring umasa sa impormasyong kasama sa pampublikong makikitang mga database upang tantyahin kung ang pasyente ay karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong. Ang proseso ng pagsusuri na ito ay idinisenyo upang tularan ang Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong ng Dignity Health Rehabilitation Hospital at ang impormasyong ibinalik sa pamamagitan ng proseso sa pagsusuri ay bubuo sa sapat na dokumentasyon kapag ang karagdagang impormasyon ay hindi makukuha mula sa pasyente. Ang proseso ay nagbibigay ng pagtatantya ng kita at laki ng sambahayan ng pasyente at sinusuri ang ibang mga salik na may kaugnayan sa pinansyal na pangangailangan ng pasyente.

Pasyenteng Walang Seguro

Ang Pasyenteng Walang Seguro ay isang pasyente na wala saklaw sa kalusugan mula sa isang taga-seguro ng kalusugan, plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan (*hal.*, Medicare o Medicaid), at ang mga napinsala na ang pinsala ay hindi nababayaranang pinsala para sa mga layunin ng kabayaran sa mga manggagawa, seguro sa sasakyan, o ibang seguro ayon sa natukoy at nadokumento ng ospital.

PATAKARAN

Hinahangad ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na maghatid ng mahabagin, de-kalidad, abot-kayang pangangalagang pangkalusugan at magtaguyod

para sa mga mahihirap at nawalan ng karapatan. Sa pagsulong ng misyong ito, ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ay nag-aalok ng pangangalagang kawanggawa at mga diskwento sa mga karapat-dapat na pasyente na maaaring walang pinansyal na kakayahan na magbayad para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at maaaring hindi makatanggap ng mga serbisyong ito.

Ang mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat para sa pangangalagang kawanggawa at ibang mga diskwento batay sa kita ay inilarawan sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito. Ang Pinansyal na Tulong ay hindi panghalili sa personal na responsibilidad. Ang mga aplikante para sa Pinansyal na Tulong ay inaasahan na makipagtulungan sa mga patakaran at pamamaraan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital sa pagkuha ng Pinansyal na Tulong, at ang mga pagsisikap ng Dignity Health Rehabilitation Hospital sa paniningil at koleksyon na may kaugnayan sa anumang mga halagang kailangang bayaran matapos ang naaangkop na mga diskwento. (Tingnan ang Patakaran sa Paniningil at Koleksyon sa Pasyente) Ang mga aplikanteng may pinansyal na kakayahan na bumili ng seguro sa kalusugan ay bibigyan ng impormasyon ukol sa mga opsyon sa seguro at hinihikayat na mag-apply. Dagdag pa, ang mga aplikanteng maaaring karapat-dapat para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan tulad ng Medicaid o Programa sa Seguro sa Kalusugan ng mga Bata (CHIP, Children's Health Insurance Program) ay kinakailangang mag-apply para sa naturang mga programa bilang paraan ng pagbabayad ng kanilang singil sa ospital. Ang pagsumite ng aplikasyon para sa programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan ay hindi hahadlang sa pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito.

Hahangarin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong bago ibigay ang mga serbisyo ng ospital, at gagawin ito matapos mabigay ang mga serbisyo kapag hindi posibleng magawa ang pagpapasiya sa mas maagang panahon. Halimbawa, para sa lahat ng mga taong pumupunta sa ospital para sa emerhensiyang mga serbisyo, ang pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong ay isaalang-alang matapos ibigay ng Dignity Health sa pasyente ang medikal na pagsusuri at anumang kinakailangang nagpapatatag na paggamot ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas at Batas sa Paggawa (EMTALA).

Ang proseso para sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong ay sumasalamin sa mga pinahahalagahan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na dignidad ng tao at pangangasiwa. Gayundin, inaasahan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na ang bawat aplikante para sa Pinansyal na Tulong ay gagawa ng makatuwirang pagsisikap na mabigyan ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ng dokumentasyon na kinakailangan para makagawa ng pagpasya ang Dignity Health Rehabilitation Hospital tungkol sa kahilingan para sa Tulong Pinansyal at ituloy ang lahat ng iba pang mga mapagkukunan upang bayaran ang mga serbisyong nakuha mula sa Dignity Health Rehabilitation Hospital. Kung mabigo ang aplikante na magbigay ng impormasyon at dokumentasyon na makatuwirang

kinakailangan para makagawa ng pagpapasiya ang Dignity Health Rehabilitation Hospital tungkol sa pagiging karapat-dapat, isasaalang-alang ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang kabiguang iyon sa paggawa nito ng pagpapasya.

PAMAMARAAN

I. PROGRAMA SA PINANSYAL NA TULONG

Ang pasyente o tagagaranitya ng pasyente ay maaaring mag-apply para sa Pinansyal na Tulong anumang oras sa Panahon ng Aplikasyon. Kung ang aplikasyon ay inihain pagkatapos magtapos ang Panahon ng Aplikasyon, maaaring tanggihan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang aplikasyon. Gayunpaman, isasaalang-alang ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang mga dahilan kung bakit hindi naihain ang aplikasyon sa Panahon ng Aplikasyon at maaaring iproseso ang aplikasyon kung natukoy nito na kumilos nang makatuwiran ang Aplikante kahit pa hindi napapanahon ang paghain ng aplikasyon.

A. PANGANGALAGANG KAWANGGAWA (HANGGANG 200% NG FPL)

Ang mga pasyenteng ang Kita ng Pamilya ng Pasyente ay nasa o mas mababa sa 200% ng FPL ay karapat-dapat na tumanggap ng 100% diskwento sa kanilang balanse sa account para sa Karapat-dapat na mga Serbisyo na tinanggap ng pasyente matapos ang bayad, kung mayroon, ng anumang ikatlong (mga) partido. Sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa Pangangalagang Kawanggawa, isasaalang-alang ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang Kita ng Pamilya ng Pasyente at maaaring isaalang-alang ang mga ari-ariang salapi ng Pamilya ng Pasyente. Gayunpaman, para sa mga layunin ng pagpapasiyang ito, ang mga ari-ariang salapi ay hindi isasama ang mga plano sa pagreretiro o ipinagpaliban na kabayaran na kwalipikado sa ilalim ng Kodigo ng Internas Rentas o hindi kwalipikadong mga plano sa ipinagpalibang kabayaran.

B. DISKWENTO PARA SA MGA PASYENTENG WALANG SEGURO AT MGA PASYENTENG MAY MATAAS NA MEDIKAL NA MGA GASTOS (MAS MABABA SA O KATUMBAS SA 500% NG FPL) AT MGA PLANO SA PINALAWIG NA PAGBABAYAD

Ang mga Pasyenteng Walang Seguro at mga Pasyenteng may Mataas na Medikal na mga Gastos na hindi kwalipikado para sa Pangangalagang Kawanggawa na ang mga Kita sa Pamilya ng Pasyente ay mas mataas sa 200% ngunit nasa o mas mababa sa 300% ng FPL ay karapat-dapat na tumanggap ng diskwento para sa Karapat-dapat na mga Serbisyo na tinanggap ng pasyente. Lilimitahan ng diskwento ang inaasahang bayad para sa Karapat-dapat na mga serbisyo sa hindi hihigit sa naaangkop na AGB. Sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa diskwentong ito, isasaalang-alang ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang Kita ng Pamilya ng Pasyente at maaaring isaalang-alang ang mga ari-ariang salapi ng Pamilya ng

Pasyente.

Kung hihilingin, ang mga pasyenteng may mga Kita ng Pamilya ng Pasyente na higit sa 350% ngunit nasa o mas mababa sa 500% ng FPL na tumatanggap ng diskwento sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito ay bibigyan din ng plano sa pinalawig na pagbabayad na magpapahintulot sa pagbabayad ng halagang may diskwento sa hindi hihigit sa 30-buwan na panahon.

C. KARAGDAGANG DISKWENTO SA KAHIRAPAN

Ang mga pasyenteng tumatanggap ng diskwento sa Pinansyal na Tulong, ngunit (1) ang pananagutan ay humihigit pa rin sa 30% ng kabuuan ng (a) kanilang Kita ng Pamilya ng Pasyente, at (b) kanilang mga ari-ariang salapi, at (2) walang kakayanan na bayaran ang kanilang singil, ayon sa natukoy ng pagrepaso ng mga salik tulad ng inaasahang Kita ng Pamilya ng Pasyente para sa paparating na taon at kasalukuyan o inaabangang mga pananagutan sa pangangalagang pangkalusugan at utang ay maaaring bigyan ng karagdagang Diskwento sa Kahirapan. Para sa mga layunin ng pagpapasiya ng Diskwento sa Kahirapan na ito, hindi isasaalang-alang ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang mga ari-arian sa mga plano sa pagreretiro na kwalipikado sa ilalim ng Kodigo ng Internas Rentas na umiiral sa panahon ng pagpapasiya o mga plano sa pagpapaliban ng kabayaran.

Kung matugunan ng pasyente ang lahat ng mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat, makatatanggap ang pasyente ng Diskwento sa Kahirapan na makababawas sa natitirang pananagutan ng pasyente sa hindi hihigit sa 30% ng kabuuan ng kanilang (1) Kita ng Pamilya ng Pasyente, at (2) mga ari-ariang salapi.

D. PAGHIHIGPIT SA APLIKASYON NG KABUANG MGA SINGIL

Para sa anumang pangangalaga na saklaw sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito (Emerhensiyang Medikal na Pangangalaga man o hindi lumilitaw, Medikal na Kinakailangang Pangangalaga), ang halaga na isinisingil ng Dignity Health Rehabilitation Hospital sa pasyente na natukoy ng ospital upang maging karapat-daoat para sa Pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito ay dapat mas mababa kaysa sa kabuuang mga singil para sa naturang pangangalaga. Ang pahayag ng paniningil na inilabas ng Dignity Health Rehabilitation Hospital para sa pangangalagang saklaw sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ay maaaring magsaad ng kabuuang mga singil para sa naturang pangangalaga at nilapatan ng kontraktuwal na mga allowance, diskwento, o pagbabawas sa kabuuang mga singil, sa kondisyon na ang aktuwal na halaga na ang indibiduwal ay responsableng bayaran ay mas mababa kaysa sa kabuuang mga singil para sa naturang pangangalaga.

II. MGA GABAY

A. Abiso sa mga Pasyente tungkol sa Pinansyal na Tulong

1. Kopyang Papel ng Buod sa Simpleng Wika. Aabisuhan at ipapaalam ng Dignity Health Rehabilitation Hospital sa mga pasyente ang tungkol sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa pamamagitan ng pag-aalok ng kopyang papel ng buod ng Pinansyal na Tulong sa simpleng wika sa mga pasyente bilang bahagi ng proseso ng pagtanggap o paglabas.
2. Abiso ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa Panahon ng Proseso ng Paniningil. Bilang bahagi ng mga pahayag ng paniningil matapos ang paglabas, magbibigay ang Dignity Health sa bawat pasyente ng kapuna-punang nakasulat na abiso na maglalaman ng impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Dignity Health Rehabilitation Hospital. (Para sa karagdang mga detalye tungkol sa mga abisong ibibigay kaugnay sa mga pahayag ng paniningil, mangyaring sumangguni sa Patakaran sa Paniningil & Koleksyon ng Dignity Health Rehabilitation Hospital.
3. Nakapaskil na Abiso ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong. Ang abiso ng programa sa Pinansyal na Tulong ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ay malinaw at kapuna-punang ipapaskil sa mga lugar na makikita sa publiko, kabilang ang lahat ng sumusunod:
 - (a) Tanggapan ng pagpapasok;
 - (b) Sa ibang mga lugar at kapaligiran na makatuwirang kinakalkula na makaabot ng mga miyembrong iyon na pinakamalamang na mangangailangan ng pinansyal na tulong mula sa pasilidad ng ospital
4. Pagpapaskil sa Website at Pagbibigay ng mga Kopya kung Hinihiling. Gagawing magagamit ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang Patakaran sa Pinansyal na Tulong, ang form sa Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong, at buod ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa simpleng wika sa website at gagawa ng mga kopyang papel ng bawat isa na makukuha kung hinihiling at nang walang singil, parehong sa koreo at sa pampublikong mga lokasyon sa pasilidad ng ospital, kabilang, at hindi bababa sa, departamanto ng emerhensiya (kung mayroon) at mga lugar ng pagpapasok.
5. Mga Kinakailangan sa Wika. Titiyakin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na lahat ng nakasulat na mga abiso, at nakapaskil na mga karatula ay nakalimbag sa angkop na mga wika at ibibigay sa mga pasyente kung kinakailangan sa ilalim ng naaangkop na batas ng estado at pederal.
6. Listahan ng mga Tagapagbigay sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong. Maglalathala ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ng listahan ng mga tagapagbigay na nagbibigay ng Pangangalagang Emerhensiyang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na tutukoy kung aling mga tagapagbigay ang saklaw ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong at kung alin ang hindi saklaw. Ang listahang ito ay makikita sa <https://www.dignityhealthrehab.com> at ang mga kopyang papel ay

maaaring hingin sa lugar ng pagtanggap sa Ospital.

B. PROSESO NG PAGSUSURI SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA SEGURO AT PROGRAMA NG PAMAHALAAN

Gagawin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang lahat ng makatuwirang pagsisikap upang makuha mula sa pasyente o kaniyang kinatawan ang impormasyon tungkol sa maaaring ganap na o bahagyang masaklaw ng pribadong seguro o programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan ang mga singil para sa pangangalagang ibinigay ng ospital sa pasyente, kabilang, ngunit hindi limitado sa, alinman sa sumusunod:

1. Pribadong seguro sa kalusugan, kabilang ang seguro o saklaw sa plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na inaalok sa pamamagitan ng Estado o Pederal na Palitan ng Benepisyo sa Kalusugan;
2. Medicare; at
3. Medicaid, CHIP, o iba pang mga programang pinopondohan ng estado na idinisenyo na magbigay ng saklaw sa kalusugan.

Inaasahan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na lahat ng mga Pasyenteng Walang Seguro at Pasyenteng may Mataas na Medikal na mga Gastos na ganap na sumunod sa proseso ng pagsusuri sa pagiging karapat-dapat nito.

C. PROSESO NG APLIKASYON SA PINANSYAL NA TULONG

1. Kung hindi ipinahiwatig ng pasyente ang saklaw sa pamamagitan ng pribadong seguro o ng programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan, humihiling ang pasyente ng Pinansyal na Tulong o natukoy ng kinatawan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na maaaring kwalipikado ang pasyente para sa Pinansyal na tulong, gagawin rin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang sumusunod:

- (a) Gagawin ang lahat ng makatuwirang pagsisikap upang ipaliwanag ang mga benepisyo ng Medicaid, at ibang pampubliko at pribadong seguro sa kalusugan o mga programa sa pagtataguyod, kabilang ang saklaw na inaalok sa pamamagitan ng Estado o Pederal na Palitan ng Benepisyo sa Kalusugan, sa lahat ng mga pasyenteng walang seguro sa panahon ng pagpapatala. Tatanungin din ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang potensyal na karapat-dapat na mga pasyente na mag-apply para sa naturang mga programa, at magbibigay ng mga aplikasyon at tutulong sa kanilang pagkumpleto. Ang mga aplikasyon at tulong ay ibibigay bago ang paglabas ng mga inpatient at sa loob ng makatuwirang panahon sa mga pasyenteng

tumatanggap ng emerhensiya o outpatient na pangangalaga.

- (b) Gumawa ng makatuwirang pagsisikap upang ipaliwanag ang Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Dignity Health Rehabilitation Hospital at ibang mga diskwento, kabilang ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, sa mga pasyenteng maaaring kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong, tanungin ang mga potensyal na karapat-dapat na mag-apply, magbigay ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong sa sinumang interesadong tao na maaaring tumugon sa mga pamantayan para sa Pinansyal na Tulong sa punto ng serbisyo o sa panahon ng proseso ng paniningil at koleksyon, at magbigay ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon.

2. Kung ang pasyente ay karapat-dapat na mag-apply para sa saklaw sa ilalim ng programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan para sa Karapat-dapat na mga Serbisyo na tinanggap ng pasyente, ang pasyente ay hindi pagkakalooban ng Pinansyal na Tulong maliban kung ang pasyente ay nag-apply para sa at tinanggihan ng saklaw sa ilalim ng programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan. Ang aplikasyon ng pasyente para sa saklaw sa ilalim ng programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan ay hindi hahadlang sa pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong mula sa Dignity Health Rehabilitation Hospital.

3. Sa pagkatanggap ng kumpletong Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong mula sa pasyenteng pinaniniwalaan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na maaaring karapat-dapat para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan (*hal.*, Medicaid, CHIP), maaaring ipagpaliban ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang pagpapasya kung ang pasyente ay karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong hanggang ang aplikasyon sa programa sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan ay nakumpleto at naisumite, at ang pagpapasiya kung karapat-dapat ang pasyente para sa naturang programa ay nagawa.

4. Kung hindi pa nakumpleto at naisumite ng pasyente ang Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong sa loob ng 120 araw matapos ang unang abiso sa paniningil pagkatapos ng paglabas, maaaring gumawa ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ng karagdagang mga aktibidad sa koleksyon, kabilang ang ECAs, napapailalim sa pagsunod sa mga probisyon sa Patakaran sa Paniningil & Koleksyon ng Dignity Health Rehabilitation Hospital.

5. Napapailalim sa mga talata 6 at 7, direkta sa ibaba, hihilingin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang bawat Aplikante na magbigay ng dokumentasyong kinakailangan at makatuwiran upang matukoy ang pagiging karapat-

dapat ng bawat Aplikante para sa Pinansyal na Tulong. Sa kaganapan na ang Aplikante ay hindi kayang magbigay ng alinman o lahat ng mga dokumentong ito, isasaalang-alang ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang kabiguang ito sa paggawa ng pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat. Sa ilalim ng naaangkop na mga sitwasyon, ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ay maaari ring ipaubaya ang ilan o lahat ng mga kinakailangang dokumentasyon. Ang katuwiran para sa pagpapaubaya na ito ay dapat dokumentado nang nakasulat.

6. Para sa mga layunin ng pagpapasya kung ang pasyente ay karapat-dapat na tumanggap ng Pangangalagang Kawanggawa, ang dokumentasyon hinihiling mula sa pasyente ay dapat limitado sa mga pahayag sa buwis sa kita o, kung walang mga pahayag sa buwis sa kita, kamakailang mga pahayag ng sahod at makatuwirang dokumentasyon ng mga ari-arian, ngunit hindi kasama ang mga ari-arian sa pagreretiro o mga plano sa ipinagpaliban na kabayaran na kwalipikado sa ilalim ng Kodigo ng Internas Rentas o sa mga hindi kwalipikadong mga plano sa ipinagpaliban na kabayaran. Maaaring iaatas ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang mga pagpapaubaya o pagpapalaya mula sa Aplikante at ng Pamilya ng Pasyente na mag-aawtorisa sa Dignity Health Rehabilitation Hospital upang makuha ang impormasyon sa account mula sa pinansyal o komersyal na mga institusyon o ibang mga entidad na humahawak at nagpapanatili ng mga ari-ariang salapi upang patunayan ang kanilang halaga.

7. Para sa mga layunin ng pagpasiya kung ang pasyente ay karapat-dapat na tumanggap ng diskwento sa Pinansyal na Tulong, ang dokumentasyon ng kita ay ililimita sa mga pahayag sa buwis sa kita, o kung walang mga pahayag sa buwis sa kita, mga pahayag ng sahod. Dagdag pa, inaatasan ang Aplikante na magbigay ng dokumentasyon ng Mahahalagang mga Gastos sa Pamumuhay, sa kaganapang hihiling ang Aplikante ng plano sa pinalawig na pagbabayad.

8. Para sa mga layunin ng pagpapasiya kung ang pasyente ay karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong, bilang karagdagan sa Kita ng Pamilya ng Pasyente, maaari ring isaalang-alang ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang masamang pinansyal na sitwasyon kasunod ng petsa ng paglabas o serbisyo ng pasyente, tulad ng kapansanan, kawalan ng trabaho, o ibang mga sitwasyon na aapekto sa kakayanan ng pasyente na magbayad para sa Karapat-dapat na mga Serbisyo.

9. Ang Pagiging Karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong ay maaaring pasyahan anumang oras na matanggap ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang impormasyon na inilarawan sa Patakarang ito. Gayunpaman, ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ay may pagpapasiya na tanggihan ang aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong kung ito ay hindi inihain sa loob ng Panahon ng Aplikasyon.

10. Ang impormasyong nakuha mula sa pasyente, pamilya ng pasyente, o legal na kinatawan ng pasyente kaugnay sa pagpapasiya kung natutugunan ng pasyente ang mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat para

sa Pinansyal na Tulong ayon sa inilarawan sa patakarang ito ay hindi gagamitin para sa mga aktibidad sa koleksyon.

11. Ang mga gabay sa FPL na nilathala ng Pederal na Talaan sa panahon na ang aplikasyon sa Pinansyal na Tulong ay pinoproseso ang gagamitin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital kapag nagsusukat ng Kita ng Pamilya ng Pasyente laban sa FPL. Ang kasalukuyang mga gabay ay makikita sa <http://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines>.

12. Kung maga-apply ang pasyente para sa, at karapat-dapat na tumanggap ng higit sa isang diskwento, ang pasyente ay karapat-dapat na tumanggap ng pinakamalaking nag-iisang diskwento kung saan kwalipikado ang pasyente maliban kung ang kombinasyon ng maraming mga diskwento ay malinaw na pinahihintulutan ng mga patakarang ng Dignity Health Rehabilitation.

D. MGA PAGPAPASIYA NG IPINAGPALAGAY NA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

1. Nauunawan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na ang ilang mga pasyente ay maaaring hindi makumpleto ang aplikasyon sa Pinansyal na Tulong, sumunod sa mga kahilingan sa dokumentasyon, o hindi tumugon sa proseso ng aplikasyon. Bilang resulta, maaaring mayroong mga sitwasyon kung saan ang kwalipikasyon ng pasyente para sa Pinansyal na Tulong ay tinukoy nang walang pagkumpleto ng pormal na aplikasyon sa Pinansyal na Tulong. Sa ilalim ng mga sitwasyong ito, maaaring gumawa ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ng Pagpapasiya ng Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat. Inilalaan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang karapatan sa mga Pagpapasiya ng Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat, ngunit hindi obligado na gawin ito.

2. Sa kaganapan na ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ay gumawa ng Pagpapasiya ng Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat, magpapadala ang Dignity Health Rehabilitation Hospital ng nakasulat na abiso ng naturang pagpapasiya sa pasyente.

3. Kung ang pasyente ay natukoy na ipinagpalagay na karapat-dapat para sa Pangangalagang May Diskwento (kaysa sa Pangangalagang Kawanggawa), gagawin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang sumusunod:

- (a) Aayusin ang account upang linawin ang halagang dapat bayaran ng pasyente.
- (b) Magbibigay ng nakasulat na abiso sa pasyente tungkol sa batayan ng Pagpapasiya sa Ipinagpalagay na Pagiging Karapat-dapat at ang paraan upang mag-apply para sa mas malaking tulong sa ilalim ng Patakarang sa Pinansyal na Tulong.
- (c) Bibigyan ang pasyente ng makatuwirang haba ng panahon upang mag-apply para sa mas malaking tulong bago

simulan ng ospital ang ECAs upang makuha ang halagang may diskwento na dapat bayaran para sa pangangalaga.

- (d) Magpapasiya kung ang pasyente ay karapat-dapat para sa mas malaking Pinansyal na Tulong sa pagkatanggap ng aplikasyon sa Patakaran sa Pinansyal na tulong na humihiling ng mas malaking Pinansyal na Tulong.

E. PROSESO NG PAGREPASO NG APLIKASYON SA PINANSYAL NA TULONG NG PASYENTE

1. Kung magsusumite ang pasyente ng kumpletong aplikasyon sa Pinansyal na tulong (pauna, o sa pamamagitan ng pagbabago ng hindi kumpletong aplikasyon sa loob ng makatuwirang panahon ayon sa inilarawan sa ibaba), sususpindihin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang anumang ECAs (maliban ang ECAs kaugnay sa pagpaliban o pagtanggap ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng nakaraang serbisyo) hanggang matukoy ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na ang pasyente ay karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong para sa pangangalaga at magbibigay ng nakasulat na abiso ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat na ito (kabilang, kung naaangkop, ang tulong kung saan karapat-dapat ang pasyente) at ang batayan para sa pagpapasiya na ito sa pasyente.

2. Kung matukoy ng Dignity Health Rehabilitation Hospital na karapat-dapat ang pasyente para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na tulong, ito ay:

- (a) Magbibigay sa pasyente ng pahayag ng paniningil na nagsasaad ng halagang dapat bayaran bilang pasyente na karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong, paano napasyahan ang halagang iyon, at paano maaaring makakuha ang pasyente ng impormasyon tungkol sa AGB para sa pangangalaga;
- (b) Gagawin ang lahat ng makatuwirang magagawa na mga hakbang upang baliktarin ang anumang ECA (maliban sa ECAs na kaugnay sa pagpaliban o pagtanggap ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad sa nakaraang serbisyo) na ginawa laban sa pasyente para sa pangangalaga na may isyu.

3. Ang impormasyong ibinigay sa nakumpletong aplikasyon sa Pinansyal na Tulong kasama ng anumang ibang impormasyon na nakuhan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital sa panahon ng proseso ng aplikasyon ay gagamitin ng awtorisadong mga kinatawan ng Dignity Health Rehabilitation Hospital upang suriin kung ang pasyente ay karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong sa ilalaim ng

Patakaran ng Dignity Health Rehabilitation Hospital.

4. Gagawin ang pasya tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong batay sa impormasyong makatuwirang magagamit ng Dignity Health Rehabilitation Hospital, kabilang ang Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong at sumusuportang dokumentasyon pati na ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na inilarawan sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong na ito. Ang pasya na ito ay maaaring magresulta sa Pangangalagang Kawanggawa o diskwento sa Kabuuang mga Singil ng ospital.

5. Aabisuhan ang Aplikante nang nakasulat ng pag-apruba o pagtanggap ng Dignity Health Rehabilitation Hospital sa kahilingan sa Pinansyal na Tulong, kung naaangkop.

6. Kung naniniwala ang Aplikante na ang pagtanggap sa Pinansyal na Tulong ay nagawa sa pagkakamali, maaaring hilingin ng Aplikante ang Dignity Health Rehabilitation Hospital na muling isaalang-alang ang pasya nito at maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon sa Dignity Health Rehabilitation Hospital upang suportahan ang kanilang kahilingan para sa naturang muling pagsasaalang-alang.

7. Sa kaganapan ng hindi pagkasundo, maaari ring humiling ng pagrepaso ang Aplikante ng pasya ng Dignity Health Rehabilitation Hospital mula sa Pangangasiwa.

8. Kung magsusumite ang pasyente ng hindi kumpletong aplikasyon sa Pinansyal na Tulong sa panahon ng aplikasyon, gagawin ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang sumusunod na mga aksyon:

- (a) Bibigyan ang pasyente ng nakasulat na abiso na naglalarawan sa impormasyong kinakailangan upang makumpleto ang aplikasyon sa Pinansyal na Tulong, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa ospital o tanggapan ng paniningil na maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tanggapan ng ospital, ang organisasyon na nonprofit o ahensiya ng pamahalaan na maaaring tumulong sa mga aplikasyon sa Pinansyal na Tulong, at
- (b) Sususpindihin ang anumang ECAs hanggang mabigo ang pasyente na tumugon sa mga kahilingan para sa karagdagang impormasyon / dokumentasyon sa loob ng makatuwirang haba ng panahon.

MGA KALAKIP

Buod ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong sa Simpleng Wika

KAUGNAY NA MGA DOKUMENTO

Wala

MGA SANGGUNIAN